REPUBLIKA NG PILIPINAS

# PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA

KALAKHANG MAYNILA

TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BAYAN BILANG 94-174

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG APLIKASYON PARA SA DEVELOPMENT PERMIT NG SIMPLE SUBDIVISION PLAN NG GONZALES COMPOUND NA MATATAGPUAN SA BARANGAY BAYANAN, MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA.

*************************************************************

Ipinanukala ni: Kgg. Roman E. Niefes
Kgg. Nolasco L. Diaz

************************************************************

SAPAGKAT, ang Gonzales Compound na may sukat na humigit-kumulang sa isanlibo at anim na daang metro cuadrado ay pinaghati-hati na ng may-ari sa mga anak at ilang benepisyaryo o pinagkalooban nito at ang pagbibili ng ilang bahagi nito sa ibang tao na hindi kaanak nito;

SAPAGKAT, ang mga nabahaging lote ay hindi ma-rehistro sa Registry of Deeds bagamat napaghati-hati na ito sa mga kasalukuyang nagmamay-ari nito;

SAPAGKAT, ang planong simpleng subdivision para sa lugar nito ay naaayon at tumutugon sa mga alituntunin at kaukulang batas na sumasaklaw dito batay sa masusing pagrerepaso ng mga dokumento na isinumite sa Tanggapan ng Tagaplano at Pagpapaunlad ng Pamahalaang Bayan;

SAPAGKAT, ang aplikasyon para sa development permit ng simple subdivision plan ay nararapat lamang upang mapabilis ang pagkakaloob ng titulong hinihingi sa REgistry of Deeds ng mga lehitimong nagmamay-ari ng mga pinaghati-hating lote sa Gonzales Compound;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na pagtibayin ang aplikasyon para sa development permit ng simple subdivision plan ng Gonzales Compound na matatagpuan sa Barangay Bayanan, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-102nd regular na pulong na ginanap ngayong ika-26 ng Setyembre, 1994.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

(Absent)
KGG. ROGER C. SMITH

KGG. RUFINO B. JOAQUIN

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

(Absent)
KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

(Absent)
KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan